

SAINT CASIMIR, King

Patron Saint of Poland and Lithuania

Ever since the Three Kings came to leave their gifts at the altar of the crib in Bethlehem, the Lord Jesus Christ, King of the Universe, has drawn generations of nobles, kings, and emperors to Himself. Today's memorial commemorates a young man named Casimir, Prince of Poland, who died at the age of twenty-five. Casimir was the third child in a family of thirteen siblings and had everything that life could offer. But it was still not enough, and Casimir knew it. Unlike many wealthy, powerful, educated people, Casimir knew that life did not offer, and could not offer, what the soul most deeply yearned for. He had his head screwed on straight and tight. Casimir never lost sight of the higher things that truly mattered, even though his life was full of the intrigues and cares of war and state.



Any true search is open to finding. A search that begins with the premise that it will never find, or never end, is not really a search. It's just wandering. A true searcher must be a finder. How many people claim to be searching for the truth, for God, for meaning! Yet when they unearth the elusive treasure, open it up, and see its contents, they are disappointed and move along to search for something else. Why? Perhaps because the treasure made moral demands on them, or required that prior life decisions be repudiated or modified. If a searcher sets personal conditions on what he will find, his search will never end. The search will just become a reflection of the searcher's own personality and desires, not a true quest for something objective outside of himself.

Saint Casimir searched for God as a child and youth, as all children do. But his search unearthed a treasure very early on. What Casimir sought, Poland provided. Casimir imbued so totally what his Catholic birthplace offered that he is considered an emblematic Polish prince: pious, just, chaste, poor, and strong. A country, similar to a religion, is a carrier of meaning. It absorbs and refines, over time, millions of individual searches until it responds to its people's searches in the form of heroes, flags, hymns, holidays, and statues. A patriot loves his country in the same way that a religious man loves his religion and God. His love is specific. He loves a country, a religion, and a God—and Casimir was no exception.

It is said that behind every great man is a great woman. Saint Casimir never married and preserved his chastity until death, despite offers of marriage. What was behind him was not a great woman but a great nation. Poland was his mistress. The faith and thick traditions of Poland developed over many centuries in response to man's search for meaning in that great nation. The Polish nation did not understand Poland's past as an anchor, an imposition, or a burden. Poles understood their nation's cultural riches as a common inheritance of their ancestors. And Poles were eager to honor their forefathers by faithfully accepting, with gratitude, what they handed down.

The fullness of these ancient traditions was imparted to today's saint from a young age by his teachers, especially by holy and learned priests who were like second fathers to him. Casimir learned to love the Lord's Passion, the Sacraments,



the Virgin Mary, and the Church. These loves deepened as he grew into adulthood and personally experienced the harshness and venality of life at court and on the march. He did not see the need to become a priest or a religious in order to live his faith. He remained a layman his entire brief life. In this he presaged the emphasis on lay vocations the Church would promote in the twentieth century. He was a layman, a prince, and a saint. Anything is possible in the Church for those who love God first and foremost.

Saint Casimir, we ask your intercession to aid all leaders of governments, churches, and families to emulate your virtues; to be poor in spirit, just, pure, and faithful. With your aid, may leaders guide those under their authority to love and serve their country and their God with greater fervor.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-4 ng Marso, Biyernes IV

SAN CASIMIRO

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

BUKSAN ANG AMING PUSO
Eduardo Hontiveros, SJ.

Buksan ang aming puso,
turuan mong mag-alab;
Sa bawat pagkukuro,
lahat ay makayakap.

Buksan ang aming isip,
sikatan ng liwanag.
Nang kusang matangkilik,
tungkuling mabanaag.

Buksan ang aming palad,
sarili'y maialay;
Tulungan mong ihanap,
kami ng bagong malay.



MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Ang puso ko'y linisin, O Diyos, at ang diwa ko'y panibaguhin.

Salmo 51

(O Diyos, maawa ka sa akin)

Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos,
Sang-ayon sa iyong kagandahang-loob;
Mga kasalanan ko'y iyong pawiin,
Ayon din sa iyong pag-ibig sa akin!
Linisin mo sana ang aking karumhan
At ipatawad mo yaring kasalanan!

Ang pagsalansang ko ay kinikilala,
Laging nasa isip ko at alaala.
Sa iyo lang ako nagkasalang tunay,
At ang nagawa ko'y di mo nagustuhan.

Kaya may matuwid ka na ako'y hatulan,
Marapat na ako'y iyong parusahan.
Ako'y masama na buhat nang iluwal,
Makasalanan na nang ako'y isilang.

Nais mo sa aki'y isang pusong tapat;
Puspusin mo ako ng dunong mong wagas.
Ako ay linisin, sala ko'y hugasan
At ako'y puputi nang walang kapantay.

Sa galak at tuwa ako'y puspusin;
At muling babalik ang galak sa akin.
Ang kasalanan ko'y iyo nang limutin,
Lahat kong nagawang masama'y pawiin.

Isang pusong tapat sa aki'y likhain,
Bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.
Sa iyong harapa'y h'wag akong alisin;
Ang Espiritu mo ang papaghariin.



Ang galak na dulot ng ’yong pagliligtas,
Ibalik at ako ay gawin mong tapat.
Kung magkagayon na, aking tuturuang
Sa iyo lumapit ang makasalanan.

Ingatan mo ako, Diyos kong Manunubos,
Ang pagliligtas mo’y galak kong ibabantog.
Turuan mo akong makapagsalita,
At pupurihin ka sa gitna ng madla.

Hindi mo na nais ang mga panghandog;
Sa haing sinunog di ka nalulugod.
Ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat
Ay ang pakumbaba’t pusong mapagtapat.

Iyong kahabagan, O Diyos, ang Sion;
Yaong Jerusalem ay muling ibangon.
At kung magkagayon, ang handog na haing
Dala sa dambana, torong susunugin,
Malugod na alay iyong tatanggapin.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Ang puso ko’y linisin, O Diyos, at ang diwa ko’y panibaguhin.

Antipona 2: Magalak ka, Jerusalem, sapagkat sa pamamagitan mo’y titipunin ang lahat ng tao sa harap ng Panginoon.

Awit: Tobit 13:8-11, 13-15

(Pasasalamat sa pagkaligtas ng sambayanan)

Bayaang ihayag ng lahat ang kadakilaan niya
At doon sa Jerusalem, siya ay papurihan.

Ikaw, Jerusalem, lungsod na banal ng Diyos,
Parurusahan ka niya dahil sa kasalanan ng mamamayan mo,
Ngunit mahahabag siya sa mga gumagawa ng tapat.



Kaya't magpasalamat kayo sa Diyos
Sapagkat siya'y mabuti;
Purihin ang Haring walang hanggan.
Muling matatayo ang iyong Templo
At maghahari ang galak sa kanyang bayan.

Magniningning ang sinag mo sa buong daigdig,
Buhat sa malayo, maraming bansa ay lalapit sa iyo.
Jerusalem, ang iyong ilaw ay magliliwanag sa buong daigdig
Kaya't lalapit ang mga tao
At pararangalan ang Panginoong ating Diyos.
May taglay silang mga kaloob sa Hari ng kalangitan.

Sa mga lansangan, maraming lahi ang aawit at magpupuri
Sa habang panahon ang iyong pangalan ay mananatili.

Magalak ka, Jerusalem, dahil sa mga taong matuwid
Mula sa tapunan, sila'y titipuning muli
Para purihin ang Panginoon, ang Diyos na walang hanggan.

Ang mga anak mong sa 'yo'y umiibig dapat na magalak,
Magalak na sila sa iyong pag-unlad.

Magalak din silang sa katayuan mo'y pawang nalulumbay,
Silang nalulungkot sa iyong tinamong mga kahirapan.

Ang kagalakan mo'y magdudulot sa kanila
Ng tuwang walang katapusan.

Aking pupurihin ang Panginoon, ang dakilang Hari.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Magalak ka, Jerusalem, sapagkat sa pamamagitan mo'y titipunin ang lahat ng tao sa harap ng Panginoon.



Antipona 3: Kayong mga taga-Sion, purihin ang inyong Diyos, na nagsugo ng kanyang salita upang panibaguhin ang daigdig.

Salmo 147: 12-20

(Ang pagpapanumbalik ng Jerusalem)

Purihin mo, Jerusalem, purihin ang PANGINOON,
Purihin mo ang iyong Diyos, kayong mga taga-Sion.

Yaong mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat,
Ang lahat ng iyong lingkod ay siya ang nagbabasbas.
Ginagawang matahimik yaong mga hangganan mo,
Bibigyan kang kasiyahan sa kaloob niyang trigo.

Kung siya ay nag-uutos, agad itong natutupad,
Dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat.
Singkapal ng damit-tupa yaong yelong pumapatak,
Para itong alikabok na sa lupa'y lumalagpak.

Mga yelong buo-buo, sinlaki ng munting bato,
Lumalagpak, na ang lamig di matiis kahit sino.
Ang yelo ay natutunaw, sa isa lang niyang utos,
Umiihip yaong hangi't ang tubig ay umaagos.

Kay Jacob n'ya ibinigay ang balita at pabilin,
Ang tuntuni't mga aral, ibinigay sa Israel.
Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa,
Pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Kayong mga taga-Sion, purihin ang inyong Diyos, na nagsugo ng kanyang salita upang panibaguhin ang daigdig.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Isaias 53:11b-12)*

Ang aking tapat na lingkod at lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami. At alangalang sa kanya, sila'y aking parurusahan. Dahil dito siya'y aking pararangalan, kasama ng mga dakila; pagkat kusangloob niyang ibinigay ang sarili at nilasap ang kaparusahan ng masasama. Inako niya ang mga makasalanan at idinalanging sila'y patawarin.

TUGUNAN

Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.
— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Mula sa mga taong sa aki'y manlilinlang sa pamamagitan ng kasinungalingan,
— at mula sa bitag ng kaaway.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Kung ang inyong kabutihan ay hindi hihigit sa mga eskriba at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng langit.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.



Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Pasalamatan natin si Kristong ating Panginoon, na nagkaloob sa atin ng buhay sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus. Buong puso nating hilingin sa kanya:

Sa iyong kamatayan, iligtas mo kami.

Guro at Tagapagligtas, ipinakita mo sa amin ang iyong katapatan at ginawa mo kaming isang bagong sangnilikha sa pamamagitan ng iyong pagpapakasakit, kamatayan at pagkabuhay,
— itaguyod mo kami upang hindi muling mahulog sa kasalanan.

Tulungan mo kaming talikdan ang aming sarili sa araw na ito,
— at huwag naming talikdan ang nangangailangan naming kapwa-tao.

Tanggapin nawa namin ang araw na ito ng pagpapakasakit bilang iyong pagpapala,
— at maibalik ito sa iyo sa pamamagitan ng pagkakawang-gawa.

Panginoon ng aming mga pusong mahilig sumuway,
— turuan mo kami ng pagiging mapagbigay.



AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ang maglingkod sa iyo'y siyang tunay na paghahari.
Ipagkaloob mo sa amin bilang tugon
sa panalangin ni SAN CASIMIRO
na kami'y makapaglingkod sa iyo
nang banal at matuwid magpakailanman
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.



Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

BUKSAN ANG AMING PUSO
Eduardo Hontiveros, SJ.

Buksan ang aming puso,
turuan mong mag-alab;
Sa bawat pagkukuro,
lahat ay makayakap.

Buksan ang aming isip,
sikatan ng liwanag.
Nang kusang matangkilik,
tungkuling mabanaag.

Buksan ang aming palad,
sarili'y maialay;
Tulungan mong ihanap,
kami ng bagong malay.



MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Pupurihin kita araw-araw, Panginoon, at ihahayag ang iyong mga kabutihan.

Salmo 145

(Pagpupuri sa kadakilaan ng Diyos)

I

Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari, aking ihahayag,
Di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat.

Aking pupurihi't pasasalamatan siya araw-araw,
Di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman.
Dakila ang PANGINOON, at karapat-dapat na siya'y purihin;
Ang kadakilaan niya ay mahirap nating unawain.

Sa alinmang lahi, ang iyong ginawa ay papupurihan,
Ihahayag nila ang mga gawa mong makapangyarihan.
Ang karangalan mo at pagkadakila'y ipamamalita,
At isasaysay ko ang mga gawa mo na kahanga-hanga.

Ang mga gawa mong makapangyariha'y ipamamalita;
Sa lahat ng tao'y aking sasabihing ikaw ay dakila.
Ihahayag nila ang lahat ng iyong mga kabutihan,
Aawitin nila ang kabutihan mo't iyong kabaitan.

O itong PANGINOON ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag,
Banayad magalit, ang pag-ibig niya'y hindi kumukupas.
Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi;
Sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi.

Magpupuring lahat sa iyo, O PANGINOON, ang iyong nilalang;
Lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan.
Babanggitin nilang tunay na dakila ang 'yong kaharian,
At ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan.



Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao,
Mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo.
Ang paghahari mo'y sadyang walang hanggan, hindi magbabago.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Pupurihin kita araw-araw, Panginoon, at ihahayag ang iyong mga kabutihan.

Antipona 2: Sa iyo lamang kami nagtitiwala, Panginoon; malapit ka sa mga tumatawag sa iyo.

II

Di ka bibiguin sa mga pangako pagkat ang Diyos ay tapat,
Ang kanyang ginawa kahit ano ito ay mabuting lahat.
Siya'y tumutulong sa lahat ng tao na may suliranin;
Yaong inaapi'y inaalis niya sa pagkagupiling.

Lahat ng mga buhay ay tanging ang PANGINOON ang inaasahan,
Siyang nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan.
Binibigyan sila nang sapat na sapat, hindi nagkukulang;
Anupat ang lahat ay may tinatanggap na ikabubuhay.

Matuwid ang Diyos sa lahat ng bagay niyang ginagawa;
Kahit anong gawin ay kalakip doon ang habag at awa.
Siya'y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao
Sa sinumang taong pagtawag sa kanya'y tapat at totoo.

Yaong kailangan niyong mga taong may takot sa kanya,
Kanyang tinutugon, at kung nagigipit hinahango sila.
Yaong umiibig sa kanya ng lubos ay iniingatan;
Ngunit ang masama'y wawasakin niya't walang mabubuhay.

Aking pupurihin ang Diyos na PANGINOON, di ko tutugutan
Sa ngalan niyang banal, lahat ay magpuri magpakailanman!

(Papuri sa Ama at…)



Antipona 2: Sa iyo lamang kami nagtitiwala, Panginoon; malapit ka sa mga tumatawag sa iyo.

Antipona 3: Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

Awit: Pahayag 15:3-4

(Awit ng Pagsamba)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!

Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa."

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Santiago 5:16, 19-20)*

Ipagtapat ninyo sa inyong kapwa ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid. Mga kapatid, kung nalilihis sa katotohanan ang isa sa inyo at may isang nagpapanumbalik sa kanya — ito ang tandaan ninyo: ang sinumang nagpapanumbalik sa isang makasalanan mula sa kanyang maling pamumuhay ay nagligtas ng kaluluwa nito sa kamatayan, at sa gayo'y napawi ang maraming kasalanan.



TUGUNAN

O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo.
— O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo.

Pagalingin ang aking kaluluwa, dahil ako'y nagkasala sa iyo.
— ang dalangin ko'y ang awa mo.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo..

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Kung sa paghahandog sa dambana ay naalala mo, na ang kapatid mo'y may sama ng loob sa iyo; iwan mo muna sa harap ng dambana ang alay mo at makipagbati sa kanya, at saka ka bumalik upang maghandog ng iyong alay sa dambana.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Pinabanal ng Panginoon Hesus ang kanyang sambayanan sa pamamagitan ng kanyang dugo. Halina't ating isamo:

Panginoon, kaawaan mo ang iyong sambayanan.

Mapagmahal na Manunubos, sa pamamagitan ng iyong pagpapakasakit hanggang kamatayan, turuan mo kami ng pagtalikod sa sarili, at patatagin kami laban sa masama't kalaban, at ang pag-asa nami'y dagdagan,
— at ito'y maghanda sa amin upang maipagdiwang ang iyong muling pagkabuhay.

Itulot mong maipahayag ka ng mga Kristiyano, bilang iyong mga propeta, sa lahat ng lugar,
— at maging iyong saksi sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya, pag-asa at pagmamahalan.

Ipagkaloob ang iyong lakas sa mga naguguluhan,
— at tulungan kaming itaguyod sila sa pamamagitan ng aming kalingang mapagmahal.

Turuan ang mga mananampalataya na makita ang iyong pagpapakasakit sa kanilang mga paghihirap,
— at ipakita sa lahat ang iyong kapangyarihang magligtas.

May-Akda ng buhay, alalahanin mo ang mga lumisan na sa mundong ito,
— pagkalooban sila ng kaluwalhatian ng muling pagkabuhay mo.

AMA NAMIN



PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ang maglingkod sa iyo'y siyang tunay na paghahari.
Ipagkaloob mo sa amin bilang tugon
sa panalangin ni SAN CASIMIRO
na kami'y makapaglingkod sa iyo
nang banal at matuwid magpakailanman
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

O PANGINOONG Hesus, sa ami'y manahan ka,
Sa pagdating ng gabi, dilim ay kumalat na,
'Wag sana nitong pawiin ang aming pag-asa
Kundi gawing ilaw ang pananampalataya.

PANGINOONG Hesus, gawin kaming mapayapa,
Dumating man ang pagsubok, mayro'ng pagpapala;
Ipag-adya mo kami sa anumang masama
At papupurihan ka, O Diyos na dakila!

Antipona: Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

Salmo 88

(Panalangin ng isang may karamdaman)

PANGINOONG Diyos, tumatawag ako sa iyo kung araw,
Pagsapit ng gabi, dumudulog ako sa iyong harapan.
Ako ay dinggin mo, sa pagdalangin ko ako ay pakinggan,
Sa aking pagdaing ako ay tulungan.

Ang kaluluwa ko ay nababahala't lipos ng hilahil.
Dahilan sa hirap wari'y malapit nang ako ay malibing.
Kabilang na ako, niyong malapit nang sa hukay ilagak,
Ang aking katulad ay ang mahina na't ubos na ang lakas.



Ang katulad ko pa ay ang iniwanan sa gitna ng patay,
Animo'y nasawi na nananahimik sa kanyang libingan.
Tulad na rin ako niyong mga tao na iyong nilimot,
Parang mga tao na sa iyong tulong ay hindi maabot.

Dinala mo ako sa may kadilimang hukay na malalim,
Ang hukay na yaon ay isang libingan na ubod ng dilim.
Ikaw ay nagalit, at ang bigat nito'y sa akin nabunton,
Ang aking katulad ay ang tinabunan ng malaking alon.

Mga kasama ko'y iyong binayaan na ako ay iwan,
Binayaan silang mamuhi sa aki't ako'y katakutan,
Kaya hindi ako makatakas ngayo't pintua'y nasarhan.
Dahilan sa lungkot, ang aking paningi'y waring lumalamlam.

Kaya naman, PANGINOON,
Tumatawag ako sa 'yo araw-araw,
Sa pagdalangin ko ay taas ang kamay.
Makagagawa ba
Ikaw, PANGINOON, ng kababalaghan,
Para purihin ka niyong mga patay?

Ang pag-ibig mo ba doon sa libinga'y ipinapahayag,
O sa kaharian niyong mga patay ang 'yong pagtatapat?
Doon ba sa dilim ang dakilang gawa mo ba'y makikita,
O ang pagliligtas, sa mga lupaing wala nang pag-asa?

Sa iyo, O PANGINOON,
Ako'y nananangis at nananawagan,
Sa tuwing umaga ako'y tumatawag sa iyong harapan.
Di mo ako pansin,
O PANGINOON ko, di ka kumikibo,
Bakit ang mukha mo'y ikinukubli mo, ikaw'y nagtatago?

Mulang pagkabata ako'y nagtiis na, halos ikamatay;
Ang iyong parusa'y kusang nagpahina sa aking katawan.
Sa aking sarili, tindi ng galit mo'y aking nadarama,
Ako'y mamamatay kundi ka hihinto ng pagpaparusa.



Parang baha sila kung sumasalakay sa aking paligid,
Sa buong maghapon kinukubkob ako sa lahat ng panig.
Iyong pinalayo pati kasintaha't aking kaibigan,
Ang tanging natira na aking kasama ay ang kadiliman.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Jeremias 14:9a)*

Kasama ka namin, O Panginoon, Pagkat kami ang iyong bayang hinirang; Huwag mo kaming pabayaan, O Panginoon naming Diyos.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.



PANGWAKAS NA PANALANGIN

Diyos na Makapangyarihan,
panatilihin mo kaming nagkakaisa
kasama ng iyong Anak
sa kanyang pagkamatay at pagkalibing
upang muli kami'y makabangon sa isang bagong buhay
kasama niya, na naghahari magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.



Archdiocesan Liturgical Commission
Manila